AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**

**Aralin 42**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 42** |
|---|
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - “Ang Gintong Paruparo” |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Gintong Paruparo**

**WRITING PROMPT LESSON 42**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, magsisimula ang ating adventure tungo sa isang panibagong kakaibang mundo. Handa na ba kayo para dito? Atin nang simulan ang bagong paglalakbay!

**II.Writing Prompt of the Day**

Ikaw ay nagbakasyon sa inyong probinsya. Sa likod ng inyong bahay ay may gubat na hindi tanaw ang dulo. Ayon sa inyong lola, ito daw ay walang hanggan kung ika’y papasok dito. Kaya nararapat lang daw na kayo’y manatili lamang sa loob ng bakod ng inyong bahay at wag na wag lalabas tungo sa gubat.

Isang araw, naglalaro kayo ng iyong pinsang si Caloy. Siya ay mahilig mag-aral at tumuklas ng bagong kaalaman. Habang kayo’y nasa bakuran, may nakita siyang isang paruparong napakaganda. Ginto ang kulay nito’t kumikinang-kinang tuwing

tatamaan ng araw.  Laking tuwa ni Caloy  sa nakita, isa raw itong bagong klase ng paruparo!

Tuwang-tuwa ang batang si Caloy. Sa nakitang paru-paro. Dali-dali itong tumakbo papalayo tungo sa gate papuntang gubat. Ito'y kanyang binuksan at tumakbo papasok. Bilang nakatatanda, napilitan kang sumunod, ngunit bago iyon, kumuha ka ng mga maliliit na bato mula sa maliit na hardin ng iyong tito. At dali-daling sumunod kay Caloy. Alam mong hindi mo kabisado ang gubat, makakatulong sa iyo ang mga batong hawak mo.

Ano kayang mangyayari sa kwento? Dugtungan ito gamit ang mga tanong.
•Anong naramdaman mo nang makita mo ang gintong paruparo?
•Bakit kinuha ng iyong karakter ang mga bato? Ano kayang gagawin niya dito?
•Ano kayang nararamdaman ng bida habang siya'y magsimulang pumasok sa gubat?
•Tama ba ang ginawang pagsunod ng bida kay Caloy? Bakit?

**III.Teacher's Message**
Ilahad ang inyong kwento tungkol sa pinsang si Caloy at ang gintong paruparo. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Abangan din natin ang mangyayari sa susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."